OFFICE OF THE MAYOR
Bustos, Bulacan
RECEIVED
by: Af
Date: 9-19-23 Time: 2:30

# KAPASIYAHAN BLG. 2023-133

**"MAGALANG NA HUMIHILING SA MGA PUNONG BARANGAY SA BAYAN NG BUSTOS NA PAGLAANAN NG PONDO ANG TRAFFIC AIDE NA MAGBABANTAY SA MGA PAMPUBLIKONG PAARALAN."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Virgilio S. Paglinawan**

*Tagapangulo*
**Lupon sa Usaping Pambarangay**

*May-akda:*
**Igg. Marie Niña Nikkie Perez, MA**
**Igg. Aljhaneal E. Quiñones**

*Ka-may-akda:*
**Igg. Soliman C. Santos**
**Igg. Virgilio S. Paglinawan**

---

**SAPAGKA'T,** nagpahayag ng kahilingan ang bumubuo ng komunidad ng edukasyon kabilang ang mga guro at magulang na magkaroon ng kapasiyahan ukol sa paglalagay ng pirmihang bantay sa bawat paaralan sa bayan ng Bustos para sa kanilang kaligtasan;

**SAPAGKA'T,** sa dumadaming bilang ng mga mag-aaral sa bayan ng Bustos, nararapat na bigyang pansin ang kapakanan ng mga estudyante, magulang at guro sa pagpasok at paglabas ng paaralan kung saan lubos na makatutulong ang paglalagay ng traffic aide mula sa barangay;

**SAPAGKA'T,** magalang na hinihiling sa bawat Punong Barangay sa bayan ng Bustos na kung maaari ay mapaglaanan ng atensiyon at pondo ang nasabing kahilingan para sa ikauunlad ng sektor ng edukasyon at pag-igtingin ang ugnayan ng bawat barangay at miyembro ng komunidad ng edukasyon.

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod nina **IGG. VIRGILIO S. PAGLINAWAN** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA,** na magalang at buong kababaang-loob na hilingin sa mga Punong Barangay ng Bayan ng Bustos na kung maaari ay mapaglaanan ng atensiyon at pondo ang paglalaan ng traffic aides para sa bawat pampublikong paaralan, at mabigyan ng kopya ang mga kagalang-galang na namumuno sa lahat ng mga barangay ng Bustos nitong nasabing kapasiyahan.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-18 ng Setyembre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Marie Niña Nikkie Perez, MA**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Phillip Wryner B. Santos**
Kasangguni

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Soliman C. Santos**
Kasangguni

**Wilfredo G. Canoza**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Virgilio S. Paglinawan**
ABC President

**Angelica DL. Tadeo**
SK President

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

## SERTIPIKASYON:

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-18 ng Setyembre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim